



Pansamantalang Gabay:

Paglilinis at Pagdisimpekta para sa Mga Negosyo at Lugar sa Trabaho na Hindi Nauugnay sa Pangangalagang Pangkalusugan

Na-update noong Abril 10, 2020

Tandaan: Na-update ang dokumentong ito mula alituntuning inilabas noong Pebrero 24, 2020, upang ilahad ang tuminding transmisyong ng COVID-19 sa komunidad sa San Francisco.

AUDIENCE:

Ang sumusunod na pansamantalang alituntunin ay binuo ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFPDH) para sa paggamit ng mga negosyo at lugar sa trabaho na hindi nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan.

BACKGROUND:

Ang novel coronavirus disease, o COVID-19, ay isang bagong sakit sa sistema ng paghinga na dulot ng SARS-CoV-2 na virus. Ang tindi ng karamdaman ay mula sa walang sintomas hanggang sa parang may mga sintomas na tulad ng sa sipon hanggang sa nakakamatay. Kasama sa mga palatandaan at sintomas ng impeksyon ang lagnat, ubo, hirap sa paghinga, labis na pagod, pananakit ng kalamnan, pananakit ng lalamunan, at sakit ng ulo. Hindi masyadong karaniwang mga sintomas ang pagduruwal, pagsusuka, o pagtatae. Maraming lugar na sa Estados Unidos ang naiulat na may transmisyong ng COVID-19 sa komunidad, kasama ang San Francisco County. Batay sa limitadong makukuhang datos, nasa pinakamataas na panganib para sa matinding karamdamang ito ang mga mas matandang nasa hustong gulang at ang mga may hindi gumagaling na kundisyong medikal.

GABAY:

Magsagawa ng regular na paglilinis at pagdisimpekta ng kapaligiran:

- Regular na linisin ang lahat ng surface na madalas hawakan sa trabaho, gaya ng mga workstation, keyboard, telepono, hawakan, at mga doorknob.
- Kung marumi ang mga surface, dapat linisin ang mga ito gamit ang detergent o sabon at tubig bago ang pagdisimpekta.
- Huwag hikayatin ang mga empleyado sa paggamit ng mga telepono, desk, opisina, o iba pang kagamitan at kasangkapan sa trabaho ng ibang empleyado, kapag maaari. Kung kinakailangan, linisin at disimpektahin ang mga ito bago at pagkatapos gamitin.



- Magbigay ng mga disposable na pamunas nang mapunasan ng mga empleyado ang mga karaniwang ginagamit na surface (halimbawa, mga doorknob, keyboard, remote control, mesa, iba pang kagamitan at kasangkapan sa trabaho) bago ang bawat paggamit.
- Para sa gabay sa kung paano ligtas na linisin at disimpektahin ang iyong pasilidad, pati na rin sa mga naaangkop na disinfectant, pakitingnan ang alituntunin ng SFDPH na [COVID-19: Cleaning and Disinfectant Safety & Approved Disinfectants](#) (naka-post sa www.sfdcp.org/covid19 sa ilalim ng “Cleaning Recommendations”).

Magsagawa ng pinaigting na paglilinis at pagdisimpekta pagkaalis sa palisidad ng mga taong pinaghihinalaan/kumpirmadong may COVID-19:

- Kung ang isang empleyado o bisita ay pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19, sundin ang alituntunin ng SFDPH na [For Businesses and Organizations in the Community: What to do if Someone at the Workplace Tested Positive for COVID-19?](#) (naka-post sa www.sfdcp.org/covid19 sa “Businesses and Employers”)
- Tandaan din ang [alituntunin ng Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit \(Centers for Disease Control and Prevention\) tungkol sa Paglilinis at Pagdisimpekta para sa Mga Pasilidad ng Komunidad](#), seksyon sa “Cleaning and Disinfection After Persons Suspected/Confirmed to Have COVID-19 Have Been in the Facility (Paglilinis at Pag-disinfect Pagkatapos Magkaroon ng Mga Taong Pinaghihinalaan/Kumpirmadong May COVID-19 sa Pasilidad).”

KARAGDAGANG ALITUNTUNING PARTIKULAR SA LUGAR NG TRABAHO:

- Nagbigay ang CDC ng mga karagdagang alituntuning partikular sa lugar ng trabaho sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/index.html>. Ang mga alituntuning ito ay nagbibigay ng mga karagdagang detalye para sa mga operator ng transportasyon, serbisyo ng pulis, paaralan, pag-aalaga ng bata, negosyo, first responder, at tagapagpatupad ng batas, koreksyonal at pandetensyong pasilidad, at organisasyong pangkomunidad at panrelihiyon.
- Nagbigay ang SFDPH ng karagdagang alituntunin para sa mga dikit-dikit na tirahan sa [Pansamantalang Gabay: Pag-iwas sa Pagkalat ng COVID-19 sa Mga Dikit-dikit na Tirahan sa Komunidad para sa Mga Nakatira sa Mga Pribadong Kwarto](#); tingnan ang seksyon ng dokumentong may pamagat na “Attachment A: COVID-19 Minimum Environmental Cleaning Standards for Businesses, Schools, and SRO Settings” (naka-post sa www.sfdcp.org/covid19 sa “Congregate Living Settings”).
- Ang gabay para sa mga paaralan at pasilidad sa pag-aalaga ng bata ay makikita sa:
 - [Pansamantalang Alituntunin para sa Mga Tagapangasiwa ng Mga K-12 na Paaralan at Programa sa Pag-aalaga ng Bata sa San Francisco para sa COVID-19](#) ng SFDPH (naka-post sa www.sfdcp.org/covid19 sa “Schools and childcare facilities”).
 - [Gabay ng CDC para sa mga programa sa pag-aalaga ng bata na nananatiling bukas.](#)



- Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California ay nagbigay ng gabay para sa [mga propesyonal na beteryaryo](#) at [mga negosyo sa pagkain at inumin](#), tulad ng grocery, mga restaurant, at mga farmers' market.